
4

# Filipino

## Ikatlong Markahan – Modyul 2
## Ugnayang Pang-abay, Pang-uri, at Pandiwa sa Paglalarawan



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q3_Filipino4_Modyul2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino- Baitang 4**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikatlong Markahan– Modyul 3: Ugnayang Pang-abay, Pang-uri, at Pandiwa sa Paglalarawan**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Criselda Tadeo-Taduran, Jessica Bardonado-Marmol |
| **Editor:** | Laila C. Namoro |
| **Tagasuri:** | Rechie O. Salcedo |
| **Tagaguhit:** | Emma N. Malapo, Mark Anthony O. Taduran |
| **Tagalapat:** | Rey Antoni S. Malate, John Francis O. Tañamor, Analyn J. Madera |
| **Tagapamahala:** | Gilbert T. Sadsad, Francisco B. Bulalacao<br>Grace U. Rabelas, Ma. Leilani R. Lorico<br>Nora J. Laguda, Jerson V. Toralde, Belen B. Pili |

**Inilimbag sa Pilipinas ng Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Mobile Phone: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

4

# Filipino

## Kwarter 3 – Modyul 2:
## Ugnayang Pang-abay, Pang-uri, at Pandiwa sa Paglalarawan

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Magandang araw sa iyo! Kumusta ka na kaibigan?

Napag-aralan mo na sa mga nakaraang aralin ang tungkol sa pang-abay, pang-uri at pandiwa.

Alam mo bang marami pa tayong dapat malaman tungkol ugnayan nito sa paglalarawan?



Sa tulong ng aralin, inaasahan na:

- ✓ **Natutukoy mo ang kaibahan ng pang-abay at pang-uri.**
- ✓ **Nagagamit mo ang pang-abay sa paglalarawan ng kilos.**
- ✓ **Nagagamit mo ang pariralang pang-abay at pandiwa, pariralang pang-abay at pang-uri sa paglalarawan.**
- ✓ **Nailalarawan mo ang tauhan batay sa ikinikilos, ginawi, sinabi at naging damdamin.**

Tara, simulan na natin!

## *Subukin*

***Subuking gawin ang pagsasanay na ito.***

**A. Panuto:** Basahin ang bawat pangungusap sa ibaba. Tukuyin ang salitang nasalungguhitan kung **pang-uri** o **pang-abay** ito**.** Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. ***Masunurin*** *sina Hency at Jacel.*

2. ***Magaling*** *kumembot ang magkapareha.*

3. ***Gustong-gusto*** *sila ng kanilang guro.*

4. ***Laging*** *isinasama sila sa programa sa paaralan.*



5. ***Masaya*** *ang magkapareha sa kanilang ginagawa.*

**B. Gawin at Sagutin Mo**

1. Ilarawan ang magkapareha na nasa itaas.

_______________________________________________

2. Ano-anong damdamin ang naglalarawan sa magkapareha?

_______________________________________________

**C. Panuto:** Buoin ang bawat pangungusap ayon sa inilalarawan nitong konteksto at sitwasyon sa pamamagitan ng pagpili sa angkop na pariralang pang-abay. Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

1. _______________ ang batang lalaki.
   A. Malakas na tumawa  C. Mataginting na tumawa
   B. Matinis na tumawa  D. Matipid na tumawa

2. ______________ ang batang nahuli sa klase.
   A. Masayang nagpaliwanag
   B. Matapang na nagpaliwanag
   C. Malakas na nagpaliwanag
   D. Matiyagang nagpaliwanag

3. _____________ ang bata sa ilalim ng mesa.
   A. Nakasimangot na gumapang
   B. Matapang gumapang
   C. Dahan-dahang gumapang
   D. Matiyagang gumapang

4. ____________ ang dalagang si Jacell kaya lagi siyang nahuhuli.
   A. Maagang magbihis  C. Matagal magbihis
   B. Nakangiting magbihis  D. Masayang magbihis

5. Dumating _________ ang kanyang ina mula sa ibang bansa.
   A. kaninang umaga  C. bukas
   B. sa susunod na araw  D. mamaya

**Kumusta?** Nasagot mo ba ang mga tanong sa pagsasanay sa bahaging subukin? Tingnan ang tamang sagot sa **pahina 14** at maaari ka nang magpatuloy sa susunod na mga gawain at pagsasanay.

| Aralin 1 | Ugnayang Pang-abay, Pang-uri, at Pandiwa sa Paglalarawan |
|---|---|



## *Balikan*

Halina't balikan natin ang nakaraang aralin.

**Panuto:** Pagsunod-sunurin ang mga hakbang sa pagluluto ng **sinigang na baboy.** Isulat ang **una,** **ikalawa,** **ikatlo,** **ika-apat** at **panghuli** sa nakalaang patlang na katabi ng bawat bilang.

_________1. Hugasan ang mga sangkap gaya ng baboy, kamatis, okra, sitaw, gabi at iba pang gulay na nais mong ihalo.

_________2. Pakuluan ang karne ng baboy. Ilagay ang hiniwang bawang, sibuyas, paminta at kamatis.

_________3. Kapag malambot na ang karne, ilagay ang gabi at ang mga gulay.

_________4. Lagyan ng asin at timplahan ito ng pampaasim ayon sa iyong panlasa.

_________5. Antaying lumambot ang mga gulay at maari mo na itong ihain.

Ngayon, tiyak kong bihasa ka na sa pagsunod ng mga gawain.

## *Tuklasin*

Magsimula ka rito.

Basahin mo ang diyalogong may pamagat na "May Bagyo!" at sagutin ang mga tanong sa ibaba.

**May Bagyo!**

**Quinta:** Narinig ko sa balita na talagang malakas ang paparating na bagyo sa atin ngayong gabi. Sadyang maigting na paghahanda ang ginagawa ng karamihan sa aming lugar.

**Rolly:** Oo nga! Sobrang nakatatakot pa naman kapag may bagyo. Narinig mo ba ang malalakas na pagpukpok ng martilyo kanina? Sa bahay namin iyon. Talagang mabilis kumilos si tatay. Sinigurado kasi ni tatay na hindi kami matatanggalan ng bubong.

**Siony:** Kami rin ay naging abala. Maingat naming isinilid ang aming gamit sa plastik at sa mga malalaking *megabox* upang kahit mapasok kami ng ulan o baha ay walang mababasa.

**Ulysses:** Tama! Iyan rin ang aming ginawa sa bahay at bukod pa riyan nag-imbak kami ng maraming pagkain tulad ng de-lata, bigas at *noodles*. Nagcharge na rin kami ng aming mga *cellphone* at *flashlight* upang may magamit kaming pailaw kapag madilim, tiyak na mawawalan ng kuryente.

**Quinta:** Mabuti naman! O, Ulysses tinatawag ka nang nanay mo.

**Ulysses:** Ah Opo, paalam na muna. Kailangan naming magmadali para mag-evacuate, hindi gaanong matibay ang bahay namin gaya ng mga bahay ninyo. Mas mainam na lumipat kami bago dumating ang bagyo kasi mahirap kapag malakas na ang ulan at hangin.

**Rolly:** Oh, siya sige. Babalik na rin kami sa aming mga bahay, tiyak na hinahanap na kami ng aming mga magulang. Makulimlim na ang kalangitan at medyo lumalakas na rin ang hangin.

**Siony:** Sige, paalam! Mag-ingat tayong lahat. Taimtim tayong manalangin upang humina ang bagyo.

## Mga Tanong

1. Sino-sino ang mga tauhan na nag-uusap sa diyalogo?

2. Ano-ano ang paghahandang dapat gawin tuwing may paparating na bagyo?

3. Bakit kailangang maghanda kapag may paparating na bagyo?

4. Ilarawan ang mga tauhan batay sa kanilang ikinilos, ginawi, sinabi at nagging damdamin.

Pagkatapos sagutin ang mga tanong, ihambing ang iyong sagot sa mga **Susi sa Pagwawasto.**



## *Suriin*

Basahing muli ang diyalogo na nasa itaas. Anong mga pang-abay at pang-uri ang ginamit dito?

**Tama!** Ilan lamang sa mga halimbawang ginamit na pang-abay at pang-uri sa inyong binasang diyalogo ay ang sumusunod:

- *talagang* **malakas.**
- *Sadyang* **maigting** *ang paghahandang* ginagawa ng karamihan
- *Sobrang* **nakatatakot**
- *Talagang* **mabilis** kumilos si tatay

Mga halimbawa ng **pang-abay** ang mga salitang *nakahilig*

Samantala, **pang-uri** naman ang sa mga salitang **initiman.**

Suriin naman natin ang mga pariralang nakahilig sa ibaba ayon sa:

- Ginagamit ang paglalarawan sa isang kilos.

  *Halimbawa:* ***Maingat*** *naming isinilid. (Pandiwa)*
- Ginamit ang pariralang pang-abay at pandiwa, pariralang pang-abay at pang-uri sa paglalarawan.

  Halimbawa: **Talagang mabilis na kumilos** si tatay.

  (Pang-abay) + (Pandiwa)

  *Sobrang* **nakakatakot**

  (Pang-abay) + Pang-uri

Ano naman ang mga salita sa diyalogo ang naglalarawan sa tauhan batay sa ikinikilos, ginawi, sinabi at naging damdamin. Pansinin ang mga pariralang ito:

- Kailangan naming magmadali para mag-evacuate.
- hindi gaanong matibay
- Mas mainam na lumipat

**Tandaan**

**Pagkakaiba ng Pang-uri at Pang-abay**

Ang pang-uri at ang pang-abay ay parehong naglalarawan o nagbibigay-turing.

- **Pang-uri** ay nagbibigay-turing sa pangangalan at panghalip.

Halimbawa:

-**Mapagmahal** na kapatid si Maria.
Pang-uri Pangngalan

-Siya ay **reponsableng** ate.
Panghalip Pang-uri

- **Pang-abay** ay nagbibigay turing-sa pandiwa, pang-uri at kapwa pang-abay.

Halimbawa:

-**Malungkot** na umaalis si tatay patungong Saudi.
Pang-abay Pandiwa

**Talagang** mahirap mabuhay ng mag-isa.
Pang-abay Pang-uri

-**Totoong** masarap tumulong sa mga mahal sa buhay.
Pang-abay Pang-abay Pandiwa

**Uri ng Pang-abay**

**1. Pang-abay na Kataga o Ingklitik –** tawag sa katagang karaniwang sumusunod sa unang salita ng pangungusap. Tulad ng mga sumusunod: man, daw/raw, tuloy, kasi, din/rin, naman, sana, yata, na, nga, ba, muna, lamang/lang, pa, nang, kaya at pala.

**Halimbawa**:

Kumain **daw** ang bata ng tinapay.

Kumain **din** ang bata ng tinapay.

Kumain **na** ang bata ng tinapay.

Kumain **muna** ang bata ng tinapay.

2. **Pang-abay na Panlunan** – sumasagot sa tanong na **saan** naganap, nagaganap at magaganap ang pandiwa sa pangungusap.

**Halimbawa:**

Kumain ang bata **sa karinderya.**

Kumain ang bata **sa karinderya ng kapitan.**

Kumain ang bata **sa amin.**

Kumain ang bata **doon.**

**3. Pang-abay na Pamanahon –** sumasagot sa tanong na **kalian** naganap, nagaganap, o magaganap ang pandiwa sa pangungusap.

**Halimbawa:**

Dumating ang mga bisita sa bahay **kahapon.**

Bumibisita ang mga kamag-anak naming **tuwing piyesta.**

Bumibili ako ng taho **araw-araw.**

**Noong Lunes**, dumating ang mga bisita.

Kumain ako ng sinigang na baboy **noong Lunes ng tanghali**.

Dumating ang mga bisita **kaninang madaling araw**.

Dumating ang mga bisita **nang alas-7 ng umaga.**

**Pagkaalis na pagkaalis ni Ben**, dumating ang mga bisita.

Naliligo ako **nang dumating ang mga bisita**.

**4. Pang-abay na Pamaraan –** sumasagot sa tanong na **paano** naganap, nagaganap at magaganap ang pandiwa sa pangungusap.

**Halimbawa:**

Naglakad **nang mabilis ang bata.**

- **Mabilis na** naglakad ang bata**.**

Naglakad **nang patagilid ang bata.**

- **Patagilid na** naglakad ang bata.

Naglakad **nang nakapikit ang bata.**

- **Nakapikit na** naglalakad ang bata.

**Napakagandang** sumayaw ng bata.

- **Naglakad na** nakapayong ang bata.

Tukuyin ng mga bata kung ano-anong uri ng pang-abay ang ginamit sa pangungusap.

1. **Nakapayong** na dumating ang bisita ni nanay **sa amin** **nang alas-10 ng** **umaga** **habang nagluluto siya ng afritada** **sa kusina**.

2. Ikaw **pala** ang aming bisita na **dumating bandang alas-9 ng umaga kahapon** upang **gumawa ng bagong batas** **sa aming barangay**.

3. **Mabilis na naglakad** ang bata pauwi **sa kanilang bahay** upang makilala **daw** niya ang kanilang bisita na **dumating kaninang umaga**.

## Pagyamanin

**A. Panuto:** Kumpletuhin ang usapan sa ibaba. Punan ng tamang pang-abay o pariralang pang-abay ang bawat patlang. Piliin ang inyong sagot mula sa kahon.

| | | |
|---|---|---|
| Gaanong matibay | Matiyagang kinumpuni | maayos |
| kaagad | | masira |

Oh, Perry kumusta kayo? Nasira ba ang inyong bahay?


Sa awa ng Diyos Terry, maayos naman ang aming bahay.


(1)__________ kasi ni tatay ang aming bubong. Nilagyan niya ng mga pabigat para hindi (2)________liparin ng hangin.

Kami ay may ilang bahaging nasira. Lumipat kami sa ating paaralan. Hindi kasi (3)__________ ang aming bahay.


Tama, ang ginawa ninyo para ligtas kayo sakaling (4)_______ ang inyong bahay.

Nabasa ba ang mga modyul mo?









**B. Panuto**: Tukuyin ang naging gamit ng salitang nasalungguhitan at initiman sa talata. Isulat sa loob ng kahon ang kaibahan ng gamit nito ayon sa konteksto ng pangungusap.

Mag-uumaga na! Bumuhos ang **malakas** na ulan. Kasabay ang **malakas** na pag-ihip ng hangin. Maya-maya nakita ko ang pagbaha sa aming hardin. Ito na ang bagyong Rolly! Nakakatakot! Biglang dumilim ang paligid. Tila, muling babalik ang gabi dahil sa maitim na ulap. Nagbabadya ito ng malakas at marami pang ulang babagsak.Gusto ko nang matapos ito! Tama na! Patawad na po!

**C. Panuto:** Ilarawan ang tauhan sa nabasang talata sa itaas. Sumulat ng 2-3 pangungusap tungkol sa sinabi, ginawi, o damdamin ng nagsasalita. Isulat ang mga ito sa loob ng puso.





## *Isagawa*

Upang lubos kang masanay sa paggamit ng pang-abay, pang-uri, at pandiwa, gamitin ito sa pagsulat ng isang talata na tungkol sa naging karanasan mo sa bagong paraan ng pagtuturo sa panahon ng pandemya.

| PAMANTAYAN SA PAGMAMARKA | PUNTOS |
|---|---|
| Kaangkupan ng nilalaman, nailarawan ang kilos, gawi, sinabi, at damdamin ng kasamahan sa bahay. | **5** |
| Nagagamit ang pang-abay, pariralang pang-abay, at pandiwa, pariralang pang-abay, at pang-uri | **5** |
| Gramatika | **5** |
| **Kabuoan** | **15 puntos** |

**Kapuri-puri!** Matapos mong sagutin ang pagsasanay, tingnan kung ito ay tama o mali sa **pahina 18.**

## *Tayahin*

Hanggang saan na ba ang iyong kahusayan sa ating aralin?

**Panuto:** Sa loob ng inyong bahay, alam kong nakikita ninyo ang pagkilos ng mga kasama ninyo sa bahay. Kung gayon, gawin ang sumusunod na panuto:

**A**. Ilarawan ang iyong kasama sa bahay batay sa kanilang ikinilos, ginawi, sinabi at naging damdamin gamit ang pang-abay, pariralang pang-abay at pandiwa, pariralang pang-abay at pang-uri.

Gamiting batayan ang rubriks sa ibaba sa paglalarawan.

| PAMANTAYAN SA PAGMAMARKA | PUNTOS |
|---|---|
| Kaangkupan ng nilalaman, nailarawan ang kilos, gawi, sinabi at damdamin ng kasamahan sa bahay. | **5** |
| Nagagamit ang pang-abay, pariralang pang-abay at pandiwa, pariralang pang-abay at pang-uri | **5** |
| Gramatika | **5** |
| **Kabuoan** | **15 puntos** |

## *Karagdagang Gawain*

**A. Panuto**: Tukuyin ang ginamit mong mga pang-uri at pang-abay, at ipaliwanag ang pagkakaiba ng mga ito ayon sa konteksto ng ginawa mong paglalarawan. Isulat ang mga ito sa tamang hanay sa ibaba.

| PANG-ABAY | PANG-URI |
|---|---|
| | |

Bilib na talaga ako sa iyo. Nasagutan mo lahat ng pagsasanay. Iwasto mo ang iyong kasagutan sa **pahina 18**.

Anong naramdaman mo matapos mong malaman ang resulta ng iyong pagsisikap?

☹ ☺ 😐



*Para hindi mo makalimutan ang nakaraang paksa, ipagpatuloy ang pagsagot sa mga pagsasanay sa ibaba.*

**B**. **Panuto:** Buoin ang unang pangyayari sa pabulang “Ang Leon at ang Daga”. Gamitan ito ng mga pariralang pang-abay. Piliin sa nakatalang mga pariralang pang-abay sa kahon ang angkop na sagot upang mabuo ang diwa ng unang pangyayari sa pabula.

| | |
|---|---|
| Marahang naglalakad | biglang dinampot |
| mahimbing na natutulog | tanghaling tapat |

___________(1)ng gutom na leon ang isang munting daga na _________ (2)sa harap niya isang __________(3). Akala ng daga ay ___________ (4)ang leon. Nagpapahinga noon ang leon sa ilalim ng punongkahoy sa tabi ng kanyang k~~u~~weba. .”Kaibigang leon, huwag mo akong kainin!” pagmamakaawa ng daga. Binitawan ng leon ang maliit na daga.

**C. Panuto:** Ilarawan ang gawi ng leon.

_______________________________________________________

Ilarawan ang sinabi ng daga kay leon.

_______________________________________________________

Ano ang damdamin mo sa mga tauhang nabanggit sa pabula.

_______________________________________________________

**D. Panuto:** Isulat ang kaibahan ng pang-uri at pang-abay sa nakalaang espasyo sa ibaba.

_______________________________________________________
_______________________________________________________
_______________________________________________________



***Malugod na pagbati!***
*Napagtagumpayan mo ang mga gawain at pagsasanay sa modyul na ito. Maaari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul.*

# *Susi sa Pagwawasto*

**Subukin**

**A.**
1. pang-uri
2. pang-abay
3. pang-uri
4. pang-abay

**B.**
1. Ang dalawang magkapareha ay magaling sumayaw at kumembot.
Ang kanilang guro ay gustong-gusto silang sumasayaw.

2. ANg magkapareha ay masaya sa kanilang ginagawa.
Ang guro ay tuwang-tuwa kay Jacel at Hency.

**C.**
1. A
2. D
3. C
4. C
5. a

**Balikan**

1. una
2. ikalawa
3. ikatlo
4. ikaapat
5. panghuli

**Tuklasin**

1. Ang mga tauhan ay sina Quinta, Rolly, Siony at UIysses.
2. Kumpunihin ang bubong upang hindi ikalipad ng hangin.
Isilid ang gamit sa plastic lalo na anh mga mahahalagang gamit.
Mag-imbak ng pagkain.
Mag-charge ng flashlight, radio, cellphone at iba pa.

**Pagyamanin**

1. matiyagang kinumpuni
2. kaagad
3. gaanong matibay
4. masira
5. maayos

**Karagdagang Gawain**

1. biglang dinampot
2. marahang naglalakad
3. tanghaling tapat
4. mahimbing na natutulog

## *Sanggunian:*

Lalunio, L. & Ril, F., (2010). Hiyas sa Wika 4 Binagong Edisyon. Quezon City: LG & M Corporation

Liwanag, L., (2008). Landas sa Wika 6. Quezon City: Dane Publishing House, Inc.

Marasigan, E., & Dayag, A., (2007). Pluma 6 Wika at Pagbasa sa Batang Pilipino. Quezon City: Phoenix Publishing House, Inc.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph